# PACT ACT at VIETNAM, MGA BETERANO NG COLD WAR ERA

**Ang PACT Act,** nilagdaan bilang batas noong Agosto 10, 2022, ay nagpapalawak ng health care at mga benepisyo para sa mga Beterano ng Vietnam era.

## Eligibility sa PACT Act Health Care

Ang mga Beterano na naglingkod sa mga bansang ito sa mga partikular na yugto ng panahon ay kwalipikadong mag-enroll sa health care ng VA **simula Agosto 10, 2022.**

**Republic of Vietnam**
Enero 9, 1962 - Mayo 7, 1975

**Thailand**
*Anumang base ng U.S. o Royal Thai*
Enero 9, 1962 - Hunyo 30, 1976

**Guam o American Samoa**
*( o sa kanilang teritoryong katubigan)*
Enero 9, 1962 - Hulyo 31, 1980

**Laos**
Disyembre 1, 1965 - Septiyembre 30, 1969

**Johnston Atoll**
*(o sa barko na tumawag doon)*
Enero 1, 1972 - Septiyembre 30, 1977

**Cambodia**
*sa Mimot o Krek, Kampong Cham Province*
Abril 16, 1969 - Abril 30, 1969

Pinapalawak ng batas ang health care at mga benepisyo para sa mga Beterano na nakilahok sa ilang partikular na mga pagtugon sa nuklear o cleanup activity:

**Enewetak Atoll**
Enero 1, 1977 - Disyembre 31,1980

**Palomares, Spain**
Enero 17, 1966 - Marso 31, 1967

**Thule, Greenland**
Enero 21, 1968 - Septiyembre 25, 1968




## Mga Toxic Exposure Screening

Bilang pangkalahatan, may ilang uri ng posibleng pagkakahantad o panganib na maaaring naranasan ng mga Beterano sa panahon ng kanilang serbisyo militar, kabilang ang:

- **Mga Air Pollutant**
- **Mga Kemikal**
- **Radiation**
- **Mga Warfare Agent**
- **Mga Panganib sa Trabaho**

**SA NOBYEMBRE 8, 2022:** Sisimulan ng VA na isama ang mga toxic exposure screening. Ang bawat Beterano na naka-enroll sa health care ng VA ay makakatanggap ng paunang toxic exposure screening at isang follow-up na screening nang hindi bababa sa bawat limang taon. Ang mga kwalipikadong Beterano na hindi pa nakapag-enroll ay magkakaroon ng pagkakataong mag-enroll at tumanggap ng screening.

## Benepisyo ng PACT Act

Nagdadagdag ang PACT Act ng dalawang bagong presumptive condition ng Agent Orange:

- **Monoclonal gammopathy of undetermined significance** (*MGUS*)
- **Mataas na presyon ng dugo** (*hypertension*)

**Ang mga miyembro ng pamilya o mga dependent ng isang namatay na Beterano ay maaaring** maging kwalipikado para sa iba't ibang mga benepisyo ng VA dahil sa mga karagdagang kapansanan na tinukoy sa PACT Act kung maaabot nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado. Higit pang impormasyon para sa mga survivor ang available online sa VA.gov/PACT.

### 4 NA MADALING PARAAN PARA MAG-APPLY SA HEALTH CARE NG VA

**Mag-apply online** sa VA.gov/health-care/apply/application/introduction

**Magpadala** ng kompleto at nilagdaang Application for Health Benefits VA Form 10-10EZ

**Tumawag sa toll-free hotline** 877-222-8387 Mon – Fri, 8:00 a.m. – 8:00 p.m. ET

**Magdala** ng kompleto at nilagdaang VA Form 10-10EZ sa pinakamalapit na Medical Center o clinic ng VA.

### 4 NA MADALING PARAAN PARA MAGSIMULA SA MGA CLAIM

**Alamin ang higit pa sa** VA.gov/disability/how-to-file-claim/

**Tumawag sa Benefits hotline** (para sa partikular na katanungan) sa 1-800-827-1000

**Bisitahin ang isang VBA Regional Office** VA.gov/benefits/offices.asp

**Makipagtulungan sa isang akreditadong VSO** VA.gov/ogc/apps/accreditation/index.asp